# SINO ANG MABUTING KAIBIGAN? (BAHAGI 1 NG 2)

**Marka:**

**Deskripsyon:** Isang aralin na may dalawang bahagi hinggil sa pagkakaroon ng mabuti, malapit na mga kaibigang Muslim. Ang unang bahagi ay tumatalakay sa kahalagahan ng mabubuting kaibigan.

**Kategorya:**
Mga Aral › Islamikong Pamumuhay, Moralidad, at Pagsasagawa › Pangkalahatang Moralidad at Pagsasagawa

**Ni:** Imam Kamil Mufti (© 2015 NewMuslims.com)

**Nai-publish sa:** 16 Apr 2018

**Huling binago sa:** 11 Apr 2018

Mga Layunin:

- ·Upang maunawaan ang papel na ginagampanan ng mga kaibigan sa ating buhay.
- ·Upang maunawaan ang kahalagahan ng mga mabuting kaibigan na mga Muslim at ang impluwensya ng masasamang kaibigan.

Mga Terminolohiyang Arabik

- ·*Shaytan*- kung minsan ay sinusulat na *Shaitan* o *Shaytaan*. Ito ang salitang ginamit sa Islam at ng wikang Arabe upang tukuyin ang diyablo o si Satanas, ang kumakatawan sa kasamaan.



Karamihan sa ating buhay ay ginugol sa pakikipag-ugnayan sa iba. Ang isang istraktura ng pagkakaibigan ay maaaring kumatawan ng tatlong konsentrikong lupon na maaaring ilarawan bilang napakalapit, malapit, at hindi masyadong malapit ngunit ito pa rin ay makabuluhan na personal na ugnayan. Ang isang kakilala ay nasa kategoryang 'hindi masyadong malapit', isang tao na iyong nakapalitan ng maiksing usapan habang kayo ay nag-uusap tungkol sa iyong araw, mga pananaw sa kalakalan sa online, o makipag-chat tungkol sa sports. Sila ay ang mga tao na regular na nakakasalamuha natin tulad ng mga kasamahan sa trabaho, mga kaklase, at mga taong nakakasabay natin sa gym.

Ang malapit na pagkakaibigan, sa kabilang banda, ay nagpapakita ng malakas na suporta at pagmamahal. Ang isang malapit na kaibigan ay nagpupuno ng isang tungkulin na hindi maaring mawala bilang isang mapagkakatiwalaan, isang taong nakikinig at nagbibigay ng atensyon sa iyo, siya na handang tumulong sa iyo, at

magmamalasakit. Ang isang malapit na kaibigan ay isang taong iyong pinagkakatiwalaan na nagbibigay ng mas malalim na antas ng pag-unawa at komunikasyon sa iyo; isang tao na maaari mong asahan, isang tao na maaari ka talagang kumonekta, at isang taong iyong binibigyan ng iyong tiwala at katapatan. Walang presyo sa mundo ang maaaring ilagay sa kanilang halaga at kung gaano sila kaimportante sa iyo. Ano ang pagkakaiba ng isang malapit na kaibigan sa isang napakalapit na kaibigan? Ang sagot ay ang antas, lawak at lalim na maaari mong ipagkatiwala.

## Kahalagahan ng Pagbubuo ng Pakikipagkaibigan sa mga Muslim

Ang mga kaibigang Muslim ay maaaring magbigay ng napakalaking suportang emosyonal at ugnayan na nagpupuno sa pangangailangan ng pagsasama ng mga tao at pagtulong . Ang pagkakaroon ng malusog na pagkakaibigan ay maaaring magkaroon ng malaking epekto sa kalidad ng ating buhay. Sa lumalaking bilang ng mga taong nabubuhay ng nag-iisa, ito man ay sa kanilang kagustuhan o kalagayan, ang pagkakaibigan ay sumasakop sa emosyonal na espasyo na pinupuno ng iba pang mga tao sa mag-asawa o iba pang mga mahalagang tao. Ang mga kaibigan ay maaaring mag-ugnay sa atin sa mas malawak na grupong panlipunan at makatulong na pagyamanin ang ating buhay.

Walang mas mainam na paraan upang hatulan natin ang ating sarili kundi ang pagpapanatili sa mga kaibigan. Kahit ang ating Propeta ay hindi pumupunta sa isang lugar nang walang mga kasama. Pinapanatili niya ang patuloy na magandang samahan, kahit na siya ay tinulungan ng Allah mismo. Ang mga tao na nasa kanyang tabi ay ginagarantiyahan ng pinakamataas na lugar sa Paraiso. Halimbawa, si Abu Bakr ay ang kanyang matalik na kaibigan bago pa man pinili ni Allah ang Propeta upang maging Kanyang sugo. Sa panahon ng kanyang pagkapropeta, may dalawang paglalakbay siyang ginawa, isa sa lupa at ang isa pa ay sa langit. Nang lumipat siya mula sa lungsod ng Mecca patungo sa Madina, sinamahan siya ng kanyang pinakamalapit na kasamahan, si Abu Bakr. Nang umalis siya sa Jerusalem patungo sa langit, siya ay sinamahan ni Gabriel (Jibreel sa wikang Arabe), ang pinakadakilang anghel ni Allah.

Ang ating pinakadakilang paglalakbay ay papunta sa ating huling destinasyon - ang Paraiso - at mahalaga na samahan natin ng mga pinakamabuting mga kasamahan upang samahan tayo sa paglalakbay na ito. Kapag nahaharap tayo sa walang tigil na mga tukso, ang ating malapit na mga kaibigan ay nandoon upang paalalahanan tayo hinggil sa ating layunin sa buhay na ito at tutulungan tayo na pumili ng mas mabuti .

Maraming kabataan ang tumatambay sa kanilang mga kaibigan nang mas higit pa kaysa sa kanilang mga kapamilya. Marami ang pumapasok sa paaralan upang makasama ang kanilang mga kaibigan. Sumasama tayo sa ating mga kaibigan sa maraming mga kadahilanan, tulad ng panonood ng sports, paglalaro ng mga laro, o pag-aaral para sa isang pagsusulit. Bakit hindi magsama-sama ng mga kaibigan sa

pagkakabisa ng Quran o pag-aralan ang mga pangunahing kaalaman ng Islam, o pag-aralan ang buhay ng Propeta? Hindi ka magiging isang iskolar, ngunit ito ay magtatanim ng pagmamahal sa pag-aaral ng Islam. Ang pagkakaroon ng mabubuting kaibigan na mga Muslim ay magbibigay ng suporta at tulong na kailangan natin sa paaralan, kolehiyo, at higit pa dito.

Ang pinakamahalagang tanong na itanong mo sa iyong sarili ay, 'Ang aking mga kaibigan ba, ang mga taong nakakasama ko, ay nakakapagpabuti ba sa akin bilang Muslim?'; 'Tinutulungan ba nila ako na sumunod o sumuway kay Allah?' Sinabi ni Allah sa Qur'an,

***“At sinumang sumunod kay Allah at sa Sugo, sila yaong pagpapalain ni Allah: ang mga Propeta, ang mga makatotohanan, silang sumasaksi sa katotohanan, at ang mga matutuwid - sila yaong mabubuting kasamahan.”(Quran 4:69)***

Ipinaalala sa atin ng ating mahal na Propeta,

***“Ang isang tao ay kasama niya ang minamahal niya.”[1]***

Ang mga minamahal natin sa buhay na ito ay papalibot sa atin sa Kabilang Buhay. Ang isang masamang kaibigan na hinihila ka pababa, ay naglalayo sa iyo mula sa iyong layunin ng iyong pagkalikha, at dinadala ka sa ikakagalit ni Allah na makikita natin sa taludtod ng Quran,

***“At Kasawian sa akin, kung sana hindi ko siya itinuring bilang matalik na kaibigan .”(Quran 25:28)***

Kung ang pagsama sa isang kaibigan ay kapaki-pakinabang para sa atin, kung gayon ay sasamahan natin sila sa Paraiso; kung sila ay nakakapinsala sa ating pananampalataya, kung gayon ay protektahan nawa tayo ni Allah. Ang Araw ng Paghuhukom ay nakakatakot. Ang lahat ng mahahalaga sa atin, kabilang ang mga kaibigan at pamilya, ay iiwan tayo sa Araw na iyon at ang tanging maiiwan lamang ay ang ating mga gawa na ating pananagutan.

Bumababa ito sa, 'Inihahanda ba ako ng aking mga kaibigan para sa Kabilang Buhay?' Nasa sa akin kung papalibutan ko ang aking sarili ng mabubuting kaibigan kung hindi naman ay makukuha ako ni Shaytan. Kung sumasang-ayon tayo, sumusunod at nalulugod sa masasamang kaibigan, malamang na magmamana tayo ng kanilang mga gawi, pag-uugali at kahit paniniwala sa relihiyon.

Ang lahat ng tao ay gustong kasama sa isang grupo o ng isang tao. Kapag patuloy tayong naghahanap ng mga kaibigan sa tiyak na uri ng mga tao, tayo ay magiging katulad nila at kumikilos na tulad ng mga ito. Ito ay natural. Ang mga miyembro ng gang ay nakadarama ng pagkakakilanlan at pagmamalaki bilang mga miyembro ng kanilang mga grupo. Maraming namatay o napupunta sa bilangguan bago nila natanto na huli na ang lahat. Karamihan sa mga naninigarilyo ay nagsisimulang manigarilyo dahil ang

kanilang mga kaibigan ay naninigarilyo o hinihikayat sila na gawin ito. Palagi na mga kaibigan ang nag-iimpluwensya sa mga desisyong ganito.

***Si Allah, ang Pinakamatalino ay nagsabi: "Ang mga magakakaibigan sa Araw na iyon ay magiging magkakaaway sa isa't-isa, maliban sa mga relihiyoso." (Quran 43:67)***

Ang pagkakaibigan na batay sa pangkaraniwang sentro ng pananampalataya ay mapapakinabangan at magpapatuloy pagkatapos ng buhay na ito. Iyan ang tunay na pagkakaibigan.

---

Talababa:

[1] *Saheeh Al-Bukhari, Saheeh Muslim*

Ang web address ng artikulong ito:

https://webcache001.newmuslims.com/tl/articles/278/sino-ang-mabuting-kaibigan-bahagi-1-ng-2

Copyright © 2011 - 2024 NewMuslims.com. Lahat ng karapatan ay nakalaan.